# Ang Kristong Nabuhay: Naiba ba ang Pagkakilala kay Jesus Nazareno?

Larawan ng isang rabbi, isang guro ng Batas sa pinakatradisyon ng bayang Israel (Jn 3:2) ang larawan ni Jesus na lumilitaw sa mga ebanghelyo nina Mateo, Marco at Lucas. Sa paglipas ng panahon, pinalaki ng unang Pamayanang Kristiyano ang mga pakikipagtunggali niya sa mga Pariseo kaysa talagang nangyari, pero inilahad pa rin nila na halos nagkakapareho ang aral ni Jesus at ang aral ng mga Pariseo (Mc 2:16; 12:28; 12:32). Sariling-aral na guro ng Batas (Jn 7:15) ang tingin sa kanya ng kanyang mga alagad o mga kalaban. Paano tayo ngayon nauwi sa larawan ni Kristo, lalo na sa mga sulat ni Pablo, bilang Panginoon ng kasaysayan, bagong Adan, at ang tumanggap ng di-malirip na "Pangalan"?

Naniniwala ang mga apostol sa pagkabuhay ni Jesus, gayundin ang buong pamayanang Kristiyano na sa paniwala ngang ito isinilang. Walang dudang siya ang Mesiyas; pinaniniwalaan din ng mga tao na siya ang Anak ng Diyos, sa natatanging kahulugan nito na kaiba sa pagkaintindi ng mga Judio. Hindi nila agad naintindihan ang lahat ng ibig sabihin ng tawag na ito, at tiyak na mas nahirapan dito ang mga nakakilala kay Jesus nang personal at ang iba pa na kapwa-Judio ang turing sa kanya. Hindi dahil hindi talagang Judio si Jesus, pati kanyang pagtuturo, kundi dahil sagabal ang itinangi nila sa kanya para makita ang higit pa. Nasalamin nga nila ang kanilang sarili sa sulat ni Jaime, na pinaka-"Judio" sa lahat ng sulat ng mga apostol. Sa pagkilala ng sumulat ng liham na ito kay Jesus bilang "Panginoon natin," sinasabi muna niyang si Jesus ang guro ng bagong Batas na galing sa pinakamainam sa Matandang Tipan (2:1 at 8).

Gayong larawan ng rabbi ng Galilea ang makakasanayan ng mga pamayanang Kristiyano sa Palestina, ayon sa datíng ng pangkat ng Nazaret na "mga kapatid ni Jesus." Nabuhay nga siyang muli pero hindi niya pinabalik sa simula ang panahon at higit sa lahat ay mas dalisay na moralidad ang kanyang iniwan sa atin. Sa loob ng ilang salinlahi, sa paglipat ng sentro ng Iglesya mula Jerusalem pa-Antioquia at pagkatapos ay sa Roma, lubhang maninibago ang mga Judiong-Kristiyano sa pananampalataya ng Iglesya.

Doon magkakaroon si Pablo ng mahalagang papel na hindi naman niya ginusto. Hindi niya imbento ang Kristong Panginoon at Manunubos dahil malamang na naroon na siya sa unang pamamahayag ni Pedro (Gawa 2:32-36; 3:15). Hindi naimpluwensiyahan (kayat hindi rin nalimitahan) si Pablo ng larawan at mga salita ng rabbi ng Galilea. Kayat pakikipagtagpo mismo sa Diyos kay Jesus ang kanyang kumbersyon. At nakita niya na unang yugto lamang sa mas malawak na plano (2 Cor 5:16) ang pangangaral sa iba't ibang lugar ng Guro.

Kung hindi muling nabuhay si Jesus, mananatili siyang isang guro lamang; noo'y parang mas mahalaga kaysa kanya ang kanyang mga salita. Ngunit nawala sa libingan ang katawan – pagsala sa mga batas ng sanlibutan ang unang pangyayaring ito. Iisang mensahe lamang ang hatid noon ng nabuhay na muli: si Jesus ang Panginoon! Sobra-sobra ito kaysa kay Jeremias na lubos na niluwalhati o kay Elias na iniakyat sa langit. Sa araw ng Pentekostes, sinabi ni Pedro

ni ibinangon ng Diyos ang banal niyang lingkod (Gawa 3:15) pero idinagdag niyang "Ginawa siya ng Diyos na Panginoon." Di magtatagal kikilalanin si Jesus bilang "anak ng babaeng iniakyat sa Langit para kunin ang aklat ng Kasaysayan" (Pag 12:5; 5:7). May awtoridad silang magsalita tungkol sa kanya dahil mga tunay na saksi sila; kapwa sila inanyayahang sulyapan ang nasa kabila (Pag 4:1; 2 Cor 12:2).

Mula sa sandaling iyon, ang pagkakilala kay Jesus ang magbibigay-pagkaunawa sa kanyang mga salita, dahil Diyos siya buhat sa Diyos. Mula sa puntong iyon, simula lamang ang buo niyang buhay bilang tao.

Kaya sa pagsasabi ni Pablo na si Kristo ang "larawan ng Diyos" (Col 1:15), hindi ito paanyaya para makita ang kabutihan ng Ama sa mga gawa ni Jesus kundi deretsahang paglalahad na ang Anak mula sa simula'y pagpapakita, salamin at buháy na karunungan ng kailanma'y di-nakikitang Diyos. Dumaan sa ating panahon at kasaysayan si Kristo upang sa pamamagitan niya'y makabalik sa misteryo ng Diyos ang sangkinapal at kasaysayan ng sangkatauhan.

Mababasa natin sa mga ebanghelyo na tagapagpahayag ng Paghahari ng Diyos si Jesus. Kay Pablo naman, hindi na Kaharian kundi ang Kristong muling nabuhay (Col 3:1). Dito natin makikita ang agwat ng pananampalatayang Kristiyano sa pusisyon ng mga Judiong may simpatya kay Jesus at kababayan ang turing sa kanya. Hindi si Pablo ang nagtayo ng pader ng di-pagkakaunawaan; nasa pagkabuhay ni Jesus at sa kanyang pagkamatay sa krus ang iskandalo.

Iskandalo pa rin ang mga ito sa mga Kristiyano ngayon. May pananampalataya nga tayo pero may pagkakataong abut-abot ang ating alinlangan: totoo bang lahat iyon? Pinag-iibayo pa ang ating mga alinlangan ng mga librong sinulat ng mga walang pananampalataya o kahit na ng mga Kristiyanong may-pinag-aralan: "Walang anumang ebidensya ng pagkabuhay kundi ang libingang walang laman, at kahit na ito ay hindi puwedeng tiyakin. Kaya ininterpret ito ng mga tao, pinaniwalaan nila ang kanilang nakita.... Pagdakila sa kanya at pagbibigay-buhay sa pag-asa ng pamayanan ang pagsasabing nabuhay siya...."

Ngunit sa kabila ng lahat ng ito, nananatili pa rin sa mga puso ng mga sumasampalataya ang malalim nilang paniniwala. Sinasabi ng kanilang pagkadama sa Diyos na nasa misteryo ang katotohanan at hindi sa mga interpretasyong nagsisikap pabulaanan ito (1 Jn 2:27). Hindi damdamin lamang ang "pagkadamang" ito sa Diyos. Naniniwala tayo dahil una sa lahat, tinanggap natin ang patotoo ng mga apostol at ng Iglesya, at naniniwala tayo tulad ng kanilang paniniwala. Kung tinatanggap natin ang pananampalataya, hindi tayo pababayaan ng Diyos sa gitna ng ating mga alinlangan; meron pa rin siyang pangako: ang regalong Espiritu Santo (Gawa 2:18). Walang matatag na pananampalataya nang walang karanasan sa espiritu (Heb 12:18-24), at lalo itong totoo para sa mga nabubuhay sa isang kulturang sará sa pananampalataya, tulad ng ating daigdig ngayon.